

# Medical Baseline Program

MAG-APPLY NGAYON

Kumuha ng ekstrang tulong mula sa PG&E kapag umaasa ka sa kuryente para sa ilang mga medikal na pangangailangan.

## Mga benepisyo

- **Mga Pagtitipid sa Pananalapi:** Kumuha ng karagdagang buwanang allotment ng kuryente o diskuwento batay sa rate mo.
- **Suporta para sa Kostumer:** Maaari kang makatanggap ng mga karagdagang alerto bago pa man ang Public Safety Power Shutoff (PSPS). Kung hindi ka tutugon, gagawa kami ng karagdagang pagtatangkang pag-alerto bawat oras, o kokontakin ka nang personal, hanggang maabot ka namin.

### Maaaring nararapat ka kung ikaw ay:

- Gumagamit ng kuwalipikadong medikal na aparato
- May umiiral na medikal na kundisyon na may partikular na mga pangangailangan sa pampainit o pampalamig

### Kasama sa ilang nararapat na aparato ang:

- Mga Motorized na Wheelchair
- Mga CPAP Machine
- Mga Respirator
- Mga Dialysis Machine

ALAMIN ANG HIGIT PA

Para sa listahan ng mga kwalipikadong medikal na kondisyon at mga kagamitan, pakibisita ang pge.com/medicalbaseline o tawagan ang **1-800-743-5000**. Ang pagiging karapat-dapat ay hindi batay sa kita.

## Paano magpatala

1 **Mag-apply online**
Punan ang aplikasyon sa pge.com/medicalbaseline.

2 **Tumanggap ng code ng kumpirmasyon sa pamamagitan ng email**
Ibahagi ang iyong code sa iyong medikal na praktisyoner. Kakailanganin nilang maglagay ng impormasyon online para sa iyong aplikasyon.

3 **Ipakumpleto sa iyong medikal na praktisyoner ang iyong aplikasyon**
Kukumpirmahin ng iyong medikal na praktisyoner kung nararapat ka para sa programa. Isasauli nila ang iyong online na aplikasyon sa PG&E.

Maaari ka ring mag-print ng form ng aplikasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa **pge.com/medicalbaseline**. Kailangang kumpletuhin ng iyong medikal na praktisyoner ang iyong papel na aplikasyon.

**Ipadala ang aplikasyon sa:**

PG&E Billing Center
Medical Baseline
P.O. Box 8329
Stockton, CA 95208

Upang humiling ng papel na aplikasyon sa malaking printa o braille, pakitawagan ang **1-800-743-5000**.

## Mga karagdagang mapagkukunan para sa mga kostumer ng Medical Baseline

### Bago ang PSPS na pagkawala ng kuryente:



- Tingnan kung kuwalipikado ka para sa rebate sa generator, portable na baterya o Backup Power Transfer Meter para mapatakbo ang mga aparato sa panahon ng mga pagkawala ng kuryente. **pge.com/backuppower**
- I-save ang **1-800-743-5002** sa telepono mo para makilala mo ang numero namin kapag kinontak ka namin.

### Sa panahon ng pagkawala ng kuryente para sa PSPS, bisitahin ang pge.com/pspsresources upang:

- Maghanap ng Sentro ng Mapagkukunan ng Komunidad para mai-charge ang iyong mga aparato at makakuha ng mga supply.
- Makahanap ng mga maa-access na sasakyang kotse at mga opsyon sa hotel.
- Makatanggap ng pamalit sa pagkain mula sa mga lokal na imbakan ng pagkain.

Para sa suporta sa pagsasalin sa 240+ na wika, tumawag sa PG&E sa **1-866-743-6589**. Para makatanggap ng mga komunikasyon sa malaking printa o braille, tumawag sa **1-800-743-5000**.

Ang ilan sa mga hakbang na kabilang sa dokumentong ito ay isinasaalang-alang bilang karagdagang mga hakbang sa pag-iingat na inilaan upang higit na mabawasan ang panganib ng mga sunog. Ang "PG&E" ay tumutukoy sa Pacific Gas and Electric Company, isang subsidyaryo ng PG&E Corporation. ©2023 Pacific Gas and Electric Company. Nakalaan ang lahat ng karapatan. CCC-0623-6529. 05/16/2023.